

# Ang mga Kamay ni Kayla

Kuwento ni:
**JENNY M. BALINGIT**
Guhit ni:
**ARCHILYN S. SEMANERO**





*Pamantayan sa Pagkatuto*

*Naisasakilos ang sariling kakayahan sa iba't ibang pamamaraan. EsP1PKP - Ib-c – 2*



## DEVELOPMENT TEAM


Kuwento ni: **Jenny M. Balingit**


Guhit at Lapat ni: **Archilyn S. Semanero**

Learning Resource Manager:

**Ruby M. Jimenez, PhD**
*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*


PAMPANGA



Ang mga Kamay
ni Kayla



Sa baryo ng San Vicente nakatira si Kayla at ang kanyang ama na si Mang Ben. Sampung taon na si Kayla at ulila na sa ina kung kaya't ang kanyang ama ang tangi niyang kasama. Ang paggawa ng mga paso ang kanilang ikinabubuhay. Tahimik lamang namumuhay ang mag-ama. Nahihiya silang makisalamuha sa mga tao kung kaya't ang mga taga baryo ay malayo ang loob sa kanila.

Araw ng Sabado, maagang gumising si Kayla upang ayusin ang mga paso. Dadalhin nila sa bayan at doon ibebenta ang mga nagawa nilang mga paso.





Maraming namamangha sa mga kakaibang paso na ibinebenta ng mag-ama. “Napakaganda naman ng mga pasong ito,” ang sabi ng isang babae na bumili ng mga paso.

“Oo nga sadyang kakaiba talaga ang mga paso na ginagawa nina Mang Ben at Kayla. Lagi akong bumibili sa kanila tuwing mayroon silang bagong mga disenyo,” sabi naman ng isang mamimili. “Naku! talaga? Magmula ngayon kina Kayla at Mang Ben na lang ako bibili ng mga paso,” ang sabi naman ng isang babae na tila ngayon pa lamang nakita ang mga pasong ibinebenta ng mag-ama.


PASÒ

Natutuwa naman ang mag-ama sa mga sinasabi ng mga tao. “Napakaganda talaga ng mga ginagawa mong disenyo sa mga paso Kayla, naubos na kaagad ang mga ito. Umuwi na tayo anak para makapagpahinga,” ang sabi ni Mang Ben.

Nang pauwi na ang mag-ama mula sa bayan, may narinig si Mang Ben na usap-usapan ng mga grupo ng mga kababaihan sa kanilang baryo. “Hay! naku, iyang anak ni Ben na yan pagkasungit- sungit pala. Tinatawag kasi siya ng anak ko para makipaglaro, tiningnan lamang daw siya at pumasok na sa bahay,” ang sabi ng isang babae.



"Ako rin, noong isang araw nasa bakuran si Kayla at nanghihingi lamang ako ng isang paso, tinitingnan lamang ako at hindi binigyan," ang sabi naman ng isang matandang babae. Naawa si Mang Ben kay Kayla dahil sa mga naririnig niyang hindi magaganda tungkol dito. Ngunit ninais na lamang na manahimik ni Mang Ben at hindi na makipag-away sa mga kapitbahay.


Hindi batid ng mga tao sa baryo ang tunay na kalagayan ng mag-ama. Nagsusumikap lamang siya sa paggawa ng mga paso para sa kanilang pamumuhay.



Sa kabilang dako, may grupo ng mag-aaral na nag-uusap. ”Alam ninyo nagtataka ako kay Kayla kung bakit napakatahimik niya at hindi siya pumapasok sa paaralan,” ang sabi ng isang mag-aaral na lalaki.

“Oo nga, noong isang araw din tinatawag ko siya pero hindi man lang ako kinausap, ang sungit nga niya,” ang sabi naman ng isang mag-aaral na babae. “Naku, huwag na lang natin siyang husgahan, marahil ganoon lamang talaga ang ugali ni Kayla, sadyang tahimik lamang siya,” ang sabi ng isang mabait na mag-aaral na si Amelia.





Lumipas ang mga araw, patuloy sa paggawa ng mga iba't ibang disenyo ng mga paso ang mag-ama.

Isang araw, nagpunta si Amelia sa bahay nina Mang Ben at Kayla. "Mang Ben, ako po si Amelia maaari po ba akong humingi ng tulong sa inyo?" ang sabi ni Amelia .

"Oo naman, Amelia. Ano ang maitutulong ko sa iyo?" tanong ni Mang Ben. "Mayroon po kasi kaming assignatura. Kailangan po namin magsipi ng mga tao na may talento at kayo po ang naisip ko," sabi ni Amelia.



“Naku, Amelia alam mo ba na si Kayla talaga ang gumagawa ng mga disenyo ng aming mga paso at marunong din siyang maghulma ng mga ito.”

Dinala ni Mang Ben si Amelia sa likod ng bahay nila kung saan sila gumagawa ng paso ni Kayla. Nagulat si Amelia sa nakita niya.”Wow! Ang gaganda ng mga paso,” ang tanging nasambit ni Amelia.

Nakita ni Amelia si Kayla  na naghuhulma ng isang napakagandang hugis ng paso. “Kumusta Kayla? Napakaganda naman ng pasong ginagawa mo,” ang sabi ni Amelia. Pero nanatili pa ring tahimik at hindi kumikibo si Kayla.





“Bakit po parang hindi ako narinig ni Kayla?” ang sabi ni Amelia kay Mang Ben. “Pagpasensiyahan mo na si Kayla sapagkat hindi siya nakakarinig kung kaya’t hindi rin siya nakakapagsalita,” ang sabi ni Mang Ben.

Nalungkot si Amelia sa sinabi ni Mang Ben tungkol kay Kayla.

“Kaya po pala ang akala ng mga tao kay Kayla ay isang masungit na bata hindi po nila alam na may kapansanan pala siya,” ang sabi ni Amelia.

“Oo Amelia, may kapansanan si Kayla kaya mas pinili kong ilayo siya para hindi na lamang siya pagtawanan ng mga kabataan.”





Hinawakan ni Amelia ang mga kamay ni Kayla pero bigla niya itong binitawan at nilagay ang mga kamay sa kanyang likuran. “Nahihiya raw siya sa kanyang mga kamay dahil napakagaspang ng mga ito at marumi pa dahil sa paghulma ng mga paso,” sabi ni Mang Ben.

“Kayla, sadya mang napakagaspang ng iyong kamay, pero ang mga kamay mo ang napakakinis na nahawakan ko, marumi man ito pero ang mga kamay mo ang napakalinis na nakita ko sapagkat ginagamit mo ang iyong mga kamay sa paglikha ng sining sa pagdidisenyo ng mga paso,” ang sabi ni Amelia.





Nais ni Amelia na maging magkaibigan sila ni Kayla. Sa pamamagitan ng *sign language* naipaabot ni Mang Ben ang nais ni Amelia. Tuwang-tuwa si Kayla na magkakaroon na siya ng kaibigan.

At magmula noon, naging matalik na magkaibigan sina Kayla at Amelia. Sinabi na rin ni Amelia sa kanyang mga kapitbahay na si Kayla ay hindi man nakaririnig at nakapagsasalita ngunit ang kanyang kamay ang nagsasalita upang ipaabot na hindi hadlang ang kanyang kapansanan.







TUNGKOL SA MAY-AKDA, TAGAGUHIT AT TAGALAPAT


**Jenny M. Balingit :** Kasalukuyang nagtuturo sa San Vicente Elementary School, San Vicente, Sto.Tomas, Pampanga bilang Teacher II.

**Archilyn S. Semanero :** Kasalukuyang nagtuturo sa San Luis, Emigdio A. Bondoc High School, San Roque, San Luis, Pampanga bilang Secondary School Teacher III

Si Mang Ben at Kayla ay tahimik na namumuhay sa kanilang baryo. Ang paggawa ng mga paso ang tanging kanilang ikinabubuhay. Malayo ang loob ng kanilang mga kapitbahay sapagkat nahihiya silang makisalamuha sa mga tao. Iniisip ng mga tao na napakasungit ni Kayla at hindi marunong makibagay sa mga kapitbahay. Hindi alam ng karamihan sa kanilang baryo ang tunay na pagkatao ni Kayla, hindi rin nila alam ang mga nagagawa ni Kayla para sa kanilang pamumuhay.

Paano matutuklasan ni Amelia ang tunay na pagkatao ni Kayla?

